Filipino / Pilipino

REPERENDUM **2023**

**I-TSEK ANG PINAGMULAN** para dito sa darating na reperendum

# **Tumigil** at pag-isipan

Sa panahon ng reperendum, maaari kang makasagap ng impormasyon na hindi suportado ng katibayan, na may kakulangan sa kaugnay na kahulugan o kaya talagang sinadyang mapang-ligaw. Upang maging lubos na may kaalaman, maging isang kritikal na tagapag-isip habang ginagamit ang impormasyon at pag-isipan ang tungkol sa impormasyon kung sakali bang ito ay tama at makatotohanan.

## Mga taktika sa mapangligaw na impormasyon (disinformation)

Ang 'disinformation' ay ang pagbibigay ng maling impormasyon na nakadisenyo para sadyang ilihis at impluwensyahan ang pampublikong opinyon, at ang 'disinformation' ay hindi mag-isang kumakalat nang sarili niya. Ang mga taong nagtatangkang magkalat ng 'disinformation' ay gumagamit ng ilang mga sumusunod na mga taktika upang sadyang tangkain na iligaw ka:

**Mga pagtatanong lang**
Ang mga tao ay maaaring sadyaing magtatanong upang mailagay sa alinlangan ang isang bagay na wala namang anumang katibayan. Kahitman ang karamihang mga itatanong ay lehitimo, maging maingat ka sa mga hindi tapat na tanong o mga katanungan tungkol sa mga sitwasyon na hindi malamang na mangyayari. Tumigil nang saglit at pag-isipan kung bakit may katanungan na ganyan.

**Emosyonal na lengguwahe**
Ang matinding lengguwahe na pumupukaw sa negatibong mga emosyon katulad nang pagkagalit at pagkatakot ay nagpapabilis sa pagpapakalat ng nilalaman ng tanong. Kung makakita ka ng bagay na makakaramdam ka ng matinding emosyonal na pagre-reaksyon, tumigil ka saglit at pag-isipan kung bakit ba.

**Pamimitas ng Cherry (cherry-picking)**
Ang 'cherry-picking' ay nagaganap kung ang impormasyon ay ibinigay na walang konteksto, kagaya ng mga larawan (screenshots) o istadistika (statistic) na walang tinutukoy sa tunay na pinanggalingan nito.

## Ang iyong ginagampanang papel bilang isang botante

Ang mga batas sa reperendum ay hindi namamahala sa katotohanan tungkol sa komunikasyon o patalastas. Magdahan-dahan ka sa pagsasaalang-alang kung ang impormasyon ay:

### Maaasahan

**Ito ba ay nagmula sa maaasahan o makikilalang pinanggalingan?**
Alam mo ba ang pinagmulan ng impormasyon? Nanggaling ba ito sa isang akreditadong lagusan ng medya o opisyal na social media account? Kung hindi ka nakatitiyak, i-tsek kung ang account ay bagong ginawa, o kung mayroon itong ibang mga ipinahayag.

### Kasalukuyan

**Kailan ito inilathala?**
Kung dahil lang sa ang ipinahayag/artikulo ay ibinahagi ngayong araw, hindi ito nangangahulugan na napapanahon o nasa kasalukuyan. Laging i-tsek ang orihinal na pinagmulan at petsa ng pagkalathala. Ang mga lumang ipinahayag/artikulo na hindi na tama ay maaaring ipamahagi para palabasin ito bilang bagong impormasyon.

## Ang ginagampanang papel ng AEC

Ang AEC ay nagsasariling ahensya na naatasan sa pagpapatakbo ng reperendum. Ang ginagampanang papel ng AEC ay para:

**Magbigay ng maaasahang impormasyon ukol sa proseso ng reperendum**
Magbibigay ang AEC ng madaling magagamit na impormasyon tungkol sa kung paano ang pagpapatala o pagboto sa pamamagitan ng aming kampanya ng pagpapatalastas, website, sentro ng matatawagan at mga account sa social media. Kung mayroon mang maling impormasyon tungkol sa mga prosesong ito, kikilos ang AEC para itama ang pagkatala. Sa labas ng mga prosesong ito, – ang AEC ay walang anumang ginagampanang papel sa pagsusuri ng katotohanan ng impormasyong pangkomunikasyon sa reperendum.

**Mag-imbestiga sa awtorisasyon ng mga komunikasyon sa reperendum**
Ang ilan sa mga komunikasyon sa reperendum ay kinakailangang awtorisado upang matulungan ka na malaman ang pinanggagalingan ng impormasyon na iyan.

**Yes (Oo) at No (Hindi) na materyal sa kampanya**
Bagaman nasa pananagutan ng AEC ang pagpapalabas ng polyeto ng reperendum, na siyang maglalaman ng impormasyon mula sa opisyal na mga pangkampanya para sa sagot na Yes at sa No, ang AEC ay walang anumang papel sa pamamahala ng katotohanan sa mga komunikasyong ito.

**aec.gov.au/translated** 1300 720 153

AEC Australian Electoral Commission

AEC23/1804

Awtorisado ng Komisyonado sa Halalan, Canberra
Authorised by the Electoral Commissioner, Canberra